Tayutay

Ang **Tayutay** ay isang salita o grupo ng mga salita na ginagamit upang makapagpahayag ng emosyon o upang makalikha ng mas malalim na kahulugan. Ang mga salita sa tayutay ay hindi literal, bagkus ito ay patalinghaga at ginagamit bilang simbolo.

[baguhin]Ilang Uri ng Tayutay

1. **Alliteration** -Pag-uulit ng naunang tunog na katinig.
2. **Euphemism** -Pagpapalit ng salitang mas magandang pakinggan kaysa sa salitang masyadong matalim o bulgar. Halimbawa: Imbes na, Ang lolo niya ay natigok, mas mainam na sabihin na, Ang lola niya ay sumakabilang buhay.
3. **Hyperbole o Eksaherasyon** -Paggamit ng di pangkaraniwan na salita o palabis na paghahayag ng isang bagay.Halimbawa: Sa labis na kagutuman, kaya kong kumain ng sampung baka.
4. **Irony o Kabalintunaan** -Pag-gamit ng salita na ang ibig sabihin ay ang kabaligtaran nito.
5. **Metaphor o Pagwawangis** -Pagkukumpara ng dalawang magkaibang bagay na may isang importanteng bagay na pinagkatulad
6. **Metonymy** -Pagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng isang salitang may kaugnayan sa nasabing bagay. Halimbawa: Iniwasan na niya ang bote at baraha na nangangahulugang iniwasan na niya ang pag-inom ng alak at pagsusugal.
7. **Onomatopoeia** -Pagbuo o paggamit ng mga salita na mula sa tunog ng mga bagay-bagay. Halimbawa: tik-tak ng orasan, twit-twit ng ibon, tahol ng aso
8. **Personipikasyon o Pagsasatao** -Pagbibigay ng katangian o damdaming pantao sa mga bagay na walang buhay.
9. **Pun** -Paglalaro sa mga salita o pag-gamit ng isang salita na iba't-iba ang kahulugan.
10. **Simili o Pagtutulad** -Pagtutulad ng isang bagay sa isa pang bagay gamit ang salitang tulad ng, parang, kawangis ng, kasing atbp. Halimbawa: Ang balat niya ay kasingputi ng niyebe.

Ang "metapora" ay tiyakan o tuwirang paghahambing, hindi na ito gumagamit ng mga salitang ( tulad, wangis, tila, parang at iba pa).

Ang metapora ay kasingkahulugan ng pagwawangis.

Mga halimbawa:

1. Ang mga nangangalaga ng kalikasan ay mga anghel ng kagubatan.
2. Ang aking mahal ay isang magandag rosas.
3. Ang aking ina ay tunay na ilaw ng tahanan.
4. Metapora
   1.ang mga nangangalaga ng kalikasan ay anghel ng kagubatan
   2.ang aking mahal ay isang magandang rosas
   3.ang aking ina ay tunay na ilaw ng tahanan
   4.ang kanilang bahay ay malaking palasyo
   5.si Mother Teresa ng Calcuta ay hulog ng langit

   Simili
   1.kasing ganda niya ang rosas
   2.parang ibon siya kung kumanta
   3.para siyang leon kung magalit
   4.ang mga mata mo ay tulad ng mga bituin
   5.kasingkintab ng diyamante ang iyong mga luha

   SIMILI O PAGTUTULAD - di tiyak na paghahambing ng dalawang magkaibang bagay. Ginagamitan ito ng mga salitang: tulad ng, paris ng, kawangis ng, tila, sing-, sim-, magkasing-, magkasim
   Ito ay naghahambing sa dalawang magkaibang bagay na giniagamitan ng parirala. (animo, tulad ng, para ng. etc.)

Ang isang **sawikain** o **idyoma** ay isang pagpapahayag na ang kahulugan ay hindi komposisyunal — sa ibang salita, hindi binubuo ng tumpak na kahulugan ang mga kanya-kanyang salita na nabuo. Ito ay di-tuwirang pagbibigay kahulugan at pagpapakita ng kaisipan at kaugalian ng isang lugar.

Halimbawa

1. butas ang bulsa - walang pera
2. ilaw ng tahanan - ina
3. alog na ang baba - matanda na
4. alimuom - baho -
5. bahag ang buntot - duwag
6. ikurus sa kamay (o ibang bahagi ng katawan) - tandaan
7. bukas ang palad - matulungin
8. kapilas ng buhay - asawa
9. nagbibilang ng poste - walang trabaho
10. basag ang pula - luko-luko
11. ibaon sa hukay - kalimutan
12. taingang kawali - nagbibingi-bingihan
13. buwayang lubog - taksil sa kapwa
14. pagpaging alimasag - walang laman
15. tagong bayawak - madaling makita sa pangungubli
16. pantay na ang mga paa - patay na
17. mapurol ang utak - mahina sa larangan ng pag-iisip o mabagal mag-isip
18. maitim ang budhi - tuso
19. balat-sibuyas - mabilis masaktan
20. pusong bakal - di marunong magpatawad
21. putok sa buho - ampon
22. may bulsa sa balat - kuripot
23. balat-kalabaw - matigas ang amoy ng paa
24. alog na ang baba - matanda na
25. kusang-palo - sariling sipag
26. usad pagong - mabagal kumilos
27. umuulan lalaki at babae - maraming lalaki at babae
28. nakalutang sa ulap - masaya
29. malaki ang ulo - mayabang
30. itaga sa bato - ilagay sa isip
31. ginintuang puso - mabuting kalooban

Ang Idyoma ay isang pagpapahayag na ang kahulugan ay hindi kompusisyonal. Sa ibang salita, hindi binubuo ng tumpak na kahulugan ang mga kanya-kanyang salita na nabuo.
Anghel ng Tahan - anak
Binuksan ang dibdib - Ipinagtapat ang nasa loob
Kabagang - kaibigan/Kasundo
Kabatakan - tropa o kaibigan
Di mahapayang gatang - hindi magpatalo
Di mahulugang karayom- maraming tao
Durugin ang puso - pasakitan
Guhit ng Palad - kapalaran
Haharap sa magaling - mag-aasawa
Hubad sa katotohanan - hindi totoo
I-krus sa noo - tandaan
Isang kahik, Isang tuka - mahirap na pamumuhay
lumaki ang ulo - naging mayabang
Humanap ng batong ipinukpok sa ulo - naghahanap ng gulo o away
Ibong mababaw ang lipad - babaeng bayaran
Iguhit sa tubig - kalimutan
Mabubulaklak na Landas - kabuhayang maginhawa
Magaan ang dugo - magiliw
Magdilat ng mata - nag-iisip ng mabuti
Magsagap ng Alimuom - paghahanap ng tsimis
may gatas pa sa labi - bata pa
May uod sa katawan - Malikot
Mat utak - matalino
Magbuhat ng sariling banko - nagyayabang
naghahalukipkip ng kamay - nagwawalang bahala sa mga nakikita
Nasa mga balikat o kamay - nasa kanya ang responsibilidad
Nagmumurang kamyas - matanda na nag-iisip bata
nagpanting ang tenga - nagalit; nainis
nagpasan sa krus - nagtitiis
sumama sa agos - sumang-ayon
Walang ilaw ang mga mata - bulag
nagdilang anghel - nagkakatotoo ang sinabi
nagbibilang ng poste - walang trabaho
suntok sa buwan - mahirap abutin

matigas ang ulo - pasaway
Banal na aso, santong kabayo - nagbabanalbanalan
Magsunog ng kilay - mag-aaral ng mabuti
Bumaha ng dugo - pagbabanta ng kamatayan na may masusugatan; madugong labanan
ningas kugon - panandalian
anak-pawis - batang mahirap
Balat- Sibuyas - sensitibo, maiyakin
Kahiramang suklay - matalik na kaibigan
Pampatabang puso - bagay na nagbibigay ng ligaya
May tali sa bibig - walang kalayaang magsalita
sumugba sa ningas - sumuong sa panganib

Alisin sa ala-ala - kalimutan na
Antabayanan sa lahat ng oras - bantayan sa lahat ng oras
alagad ng batas - pulis
alsabalutan - lumipat ng tirahan
Amoy-tsiko - lasing, may alak
ampaw - lampa
Anak sa labas - anak ng hindi kasal na magulang
asal hayop - masama ang ugali, salbahe
asal hudas - manloloko, taksil
atat na atat - gustong-gusto
ataduhang patas - pantay
babaeng-babae - mahinhin, maayos kumilos
bakal ang kalooban - matapang
bakas ng kahapon - alaala ng nakaraang pangyayari
bagong daigdig - bagong kapaligiran
bagong salta - kakalipat lang ng lugar
bagong tao - binata
bagsakan ng sisi - ginawang dahilan sa kapahamakan sa kapwa
bagyong magsalita - mayabang
bahag ang buntot - walang lakas ng loob, duwag
balat-kalabaw - hindi kaagad nantatablan, Walang pakiramdam
balat ng lupa - mundo o daigdig
Balikatan - tulong-tulong sa paggawa upang maabot o matupad ang layunin
Balikatin - Pagtutulungan upang lamutas ang suliranin
Butas ang bulsa - walang pera
balitang barbero - tsimis
banig ng pakiramdam - may sakit
bantay salakay - pinagkatiwalaan upang ingatan ang isang mahalagang bagay na siya rin ang nagnanakaw
basa ang papel - pangit o sira ang reputasyon
basag ulo - away
basang sisiw - aping kalagayan
batak ang katawan - malusog at masigla
batong tungtungan - pndasyon ng tagumpay
bigatin - mataas o kilala ng mga tao, mayaman
bigayan - kooperasyon
bigay kaya - sagad-sagaran, pagbubuhos ng kakayahan
bilang na ang araw - malapit ng mamatay
binawian ng buhay - namatay
bilugin ang ulo - lolokohin o tansunin
biro ng tadhana - kalamidad
boses ipis - mahina ang boses
bukas ang palad - mabait, matulungin
bukas ang aklat - bantog; alaman ng lahat
bugbog sirado - sobrang ginulpi
bugtong-anak - solong anak
buhay manok - nangangnib ang buhay
bulaklak at dila - salitang nagpupuri
bulaklak ng lipunan - sikat at respetadong babae sa lipunan
Bumangga sa pader - lumaban sa makapangyarihan at mayaman
Bunga ng Pag-ibig - anak
Bungang araw - sakit sa balat na dulot ng init ng panahon
Bungang-isip - kathat o nobela
Buntong hininga - himutok o hinagpis
Buto't Balat - sobrang kapayatan
Buwaya - gahaman
Kabungguang balikat - matalik na kaibigan
Kalabasang naiiwan ang bunga - taong walang kibukasan
kalamayin ang loob - payapang pakiramdam
Kalam ang tiyan - gutom
kalog ang utak - sira ang ulo , ulol
akmay na bakal - sobrang higpit ng magpatupad ng utos
kalagayan ng loob - pinagkaktiwalaan, matapat na kaibigan
kape at gatas - magkaparehong ang isa ay maitim at ang isa nama'y maputi
kapilas ng puso - asawa
kapupalad - kawawa
kaputol ng pusod - kapatid
kinain ng apoy - natupok, nasunog
kinakasama - nagsasama na hindi kasal
kinukulili ang taynga - sobrang ingay na nakakairita
kinupasan ng bango - matandang dalaga
kisap mata - kasimbilis ng segundo
kukulo-kulo ang tiyan - nighihikahos, dukha
kulang- kulang - hindi wasto ang kaisipan
kumita ang unang liwanag - ipinanganak
kumukulo ang dugo - galit na galit, napopoot
kusang palo - gumagawa na hindi naman inuutusan
kutong lupa - sobrang liit
dibdibin - seryosohin
di makabasag pinggan - mahinhin
di maliparang uwak - malawak na lupain o bukirin
di malirip o di madalumat - himdi kayang maunawaan
dinapuan ng karamdaman - nagkakasakit
dugo ng kanyang dugo at laman ng kanyang laman - anak
gabay sa pagtanda - mga anak
gagapang na parang ahas - sobrang maghihirap o naghihikahos
galit sa pera - gastador
ginituang puso - matulungin, mabait
hagisan ng tuwalya - umamin na ng pagkatalo
haharap sa dambana - ikakasal
haharap sa maykapangyarihan - sumuko sa pulis
halang ang bituka - masamang tao
haligi ng lupa - taong grasa, pulubi
hampas ng langit - parusa ng diyos
hanggang sa labi ng langit - hanggang kamatayan
Hari ng daldal - tsimosa, tsismoso
hawak taynga - sobrang masunurin
Hilong tatilong - litong-lito
Hinabol ng gunting - sobra na ang haba ng buhok
hindi masikmura - hindi kayang tanggapin
hinipang pantog - sobra ang nag-asenso
hinog sa pilit - pinuwersahan upang sumang-ayon
huling hantungan - libingan
humukay ng sariling libingan - gumawa ng bagay na nagbunsod ng sariling kamatayan
hunos-dili - pigilan ang sarili
ibabaw ng lupa - daigdig o mundo
ibaon sa limot - kalimutan ang sanhi nga pagaaway
ibayong dagat - ibang bansa
ibilanggo sa bisig - yakapin ng buong higpit
ibong malaya - binata o lalaking wala pang asawa
ibuhos ang kalooban - buong pagtitwala
ibuhos ang ispi - matamang pag-iisip
ilaw ng tahanan - ina
Iluwag sa tahanan - ina
iluwag ang dibdib - sobrang nenerbiyos
Inagaw sa kamatayan - nailigtas sa bingit ng kamatayan
Ipakita ang tunay na kulay - magsabi ng buong katotohanan
Ipinagbili ng buo - nanaloloko
isang bulata na lang ang hindi pumipirma - malapit ng mamatay
inaawitan - lambingin

- See more at: http://randomdiblog.blogspot.com/2012/11/ano-ang-idyoma-at-mga-halimbawa-nito.html#sthash.NF6gdY9c.dpuf

Ang isang **sawikain** o **idyoma** ay isang pagpapahayag na ang kahulugan ay hindi komposisyunal — sa ibang salita, hindi binubuo ng tumpak na kahulugan ang mga kanya-kanyang salita na nabuo. Ito ay di-tuwirang pagbibigay kahulugan at pagpapakita ng kaisipan at kaugalian ng isang lugar.

Mga iba pang Idyoma: 1.Ibaon sa hukay-kinalimutan 2.Namuti ang mata-nainip sa kahihintay 3.Lubad ang kulay-bading o bakla 4.Butas ang bulsa-walang pera,Mabigat ang kamay 5.Di-makabasag pinggan-mahinhin 6.Daga sa dibdib-takot 7.Maanghang ang dila-bastos magsalita 8.Kumuklo ang dugo-naiinis,nasusuklam 9.Itaga sa bato-tandaan 10.Bukal sa loob-taos-puso,tapat 11.Mahabang dulang-kasalan 12.Mababaw ang luha-madaling umiyak 13.Makapal ang mukha-Di marunong mahiya 14.Nakahiga sa salapi-mayaman 15.Panis ang laway-taong di-palakibo 16.Makati ang paa-Mahilig sa gala o lakad 17.Takaw tulog-mahilig matulog 18.Maputi ang tainga-kuripot 19.Lumaki ang ulo-yumabang 20.Makapal ang bulsa-maraming pera

Mga Halimbawa

1. anak-pawis - taong mahirap
2. balat-sibuyas - iyakin
3. basang sisiw - basang basa / Kawawa
4. ibaon sa hukay - kinalimutan
5. ilista sa tubig - pag-utang na hindi na babayaran
6. itaga sa bato - pagkatiyak sa mga sinabi
7. kalapating mababa ang lipad - isang patutot, babaeng bayaran
8. kamay na bakal - gamitan ng paghihigpit
9. namuti ang mata - nainip sa kahihintay
10. ningas-kugon - magaling lamang sa umpisa ngunit hindi tinatapos ang isang gawain
11. maghigpit ng sinturon - magtipid
12. pagputi ng uwak, pag-itim ng tagak - imposibleng mangyari
13. pusong mamon - maawain

Ang sawikain o idyoma ay salita o grupo ng mga salitang nagsasaad ng hindi tuwirang paglalarawan sa isang bagay, pangyayari, kaganapan o sitwasyon o sa pormang patalinhaga.